

**RESOLUSYON NO. 20-33**

**ISANG RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG LUNGSOD NG  
GLENDALE, CALIFORNIA, NA NAGPAPATIBAY SA MGA  
PAMPUBLIKONG KAUTUSAN SA ILALIM NG PANG-EMERHENSIYANG  
AWTORIDAD NG LUNGSOD NG GLENDALE KAUGNAY NG COVID-19**

**SAPAGKAT** ang Glendale Municipal Code Chapter 2.84 ng Lungsod n Glendale ay nagsasaad na ang lokal na emerhensiya ay maaaring i-proklama ng Konseho ng Lungsod; at

**SAPAGKAT** nuong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Chapter 2.84, ay nagpatibay ng Resolution No. 20-28 na nag-deklara ng lokal na emerhensiya dahil sa lumalagong alalahanin sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang malubhang talamak na sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ang lagnat, ubo, at hirap sa paghinga, at ang mga nahawahang indibidwal ay nakakaranas ng iba-ibang nararamdaman, mula sa banayad na sakit hanggang sa malubhang sakit at pagkamatay.

**SAPAGKAT** ang bilang ng mga na-kumpirmang kaso ay patuloy na lumalago sa loob ng maikling panahon, at ang Centers for Disease Control and Prevention ay nag-abiso sa amin na ang COVID-19 ay madaling kumalat mula sa isang tao papunta sa iba't-ibang tao at sila ay naglabas ng patnubay na nagre-rekomenda na ang publiko ay dapat magtaguyod ng mga patakaran at pagsasanay para isagawa ang social distancing hangga't maaari. Karagdagan dito, nuong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ay nag-utos na isara at limitahin ang pagpunta sa ilang mga pampublikong establisimiyento; at

**SAPAGKAT** nuong Pebrero 26, 2020, kinumpirma ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ang unang lokal na kaso ng pagkahawa ng isang tao sa isang taong may sakit na COVID-19 sa Estados Unidos, at ang kasong ito ay nagbibigay ng posibilidad ng paglago sa komunidad ng COVID-19 sa pangkalahatang publiko. Ang Health Officer ng Los Angeles County ay nagpasya na mayroong napipinto at nalalapit na peligro sa kalusugan ng publiko mula sa pagpasok ng COVID-19 sa Los Angeles County at kasabay silang nag-deklara ng Lokal na Emerhensiyang Pang-kalusugan; at

**SAPAGKAT** nuong Marso 11, 2020, kinilala ng WHO ang COVID-19 bilang isang pandemic, at sa Marso 12, 2020, ang mga nakumpirmang kaso ng COVID-19 sa buong mundo ay mahigit sa 169,000 at mahigit sa 6,500 na mga tao ang namatay dahil sa virus. Ang County of Los Angeles ay naghayag na humigit-kumulang sa 69 ang mga nakumpirmang kaso at isang kaso ng pagkamatay. Ang bilang ng mga nakumpirmang kaso ay patuloy na lumalago sa loob ng maikling panahon. Ang Centers for Disease Control and Prevention ay nag-abiso sa amin na ang COVID-19 ay madaling kumalat mula sa isang tao at naglabas sila ng mga patnubay na nag-rekomenda na ang publiko ay dapat magtaguyod ng mga patakaran at kalakaran para isagawa ang social distancing hangga't maaari; at

**SAPAGKAT** ang Lungsod ng Glendale ay nagdagdag sa kanilang pagsisikap na panatilihin ang kalinisan ng kamay, mahusay na pamantayan kaugnay ng paghinga, at social distancing. Napakahalaga na tayo, bilang isang Lungsod, ay gumawa ng lahat ng

ating magagawa upang pabagalin ang paglago ng virus sa komunidad at iwasan ang maiiwasang paghihirap ng ating sistemang medikal. Para tumulong sa ating mga ginagawa, ang Director of Emergency Services ay may kapangyarihan alinsunod sa Chapter 2.84 ng Glendale Municipal Code, na gumawa at maglabas ng mga patakaran at regulasyon ukol sa mga bagay na makatwirang may kinalaman sa proteksyon ng buhay at pag-aari na apektado ng naturang emerhensiya, kung ang mga naturang patakaran at regulasyon ay pinagtibay sa pinakamaagang panahon ng Konseho ng Lungsod; at

**SAPAGKAT**, ayon sa pag-awtorisa ng Glendale Municipal Code Section 2.84.090 at Resolution No. 20-28, ang Director of Emergency Services ay nagbigay ng naturang Emergency Public Orders; at

**SAPAGKAT**, pinagtibay din ng Konseho ang Resolution No. 20-29 na nag-deklara ng mga pampublikong kautusan ukol sa pagsara ng mga bars, banquet halls, nightclubs, restawran, sine, lugar ng tanghalan, bowling alleys, arcades, mga katulad na establisimiyento ng aliwan, gyms at mga sentro ng pag-ehersisyo.

### **PINAGKAISAHAN NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE na:**

**SEKSYON 1.** Ang mga sumusunod na public orders ng Director of Emergency Services ay pinagtibay dito (ayon sa pagbabago) at pinahaba hanggang sa Abril 30, 2020:

A. Glendale Public Order No. 2020-01. (Adult Day Care Facilities). Lahat ng mga adult day care facilities sa loob ng Lungsod ng Glendale ay isasara. Ang layunin sa pagsara ay upang iwasan ang pagtitipon ng mga malalaking grupo ng mga tao, lalo na ang mga matatanda, sa isang lugar sa layuning iwasan ang pagkalat ng novel coronavirus and COVID-19.

B. Glendale Public Order No. 2020-02. (Digital Signatures). Na, para lalong ipatupad ang social distancing, habang sabay ding ligtas na isagawa ng Lungsod ng Glendale at ng publiko ang kanilang mga gawain, ang Ordinance No. 5948, na pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale nuong Marso 10, 2020 at epektibo sa Abril 9, 2020, na nagdagdag ng Chapter 1.13 sa Title 1 ng Glendale Municipal Code, 1995 na nagpahintulot sa Lungsod ng Glendale na gumamit ng digital signatures at electronic signatures sa mga dokumento alinsunod sa mga angkop na batas at regulasyon ng estado, ay isasagawa kaagad sa katulad ng paraan na awtorisado ng Ordinance N. 5948 habang nakabinbin ang epektibong petsa nito.

C. Glendale Public Order No. 2020-03. (Residensyal at Komersyal na Pangungupahan). Walang landlord ang maaaring mag-file ng “unlawful detainer action” laban sa residensyal o komersyal na tenant, kabilang ang mga tenant na tumatanggap ng tulong sa anumang ahensya ng gubyrno, kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga tulong sa ilalim ng Housing Choice Voucher Program (Section 8) ng pederal na gubyrno, sa Lungsod ng Glendale sa panahon nitong lokal na emerhensiya kung ang tenant ay nagpakita ng dokumento na sila ay walang kakayahang magbayad ng upa dahil sa mga pangyayaring kaugnay ng COVID-19 pandemic. Kabilang sa mga pangyayaring ito ang kawalan ng kita dahil sa pagsara ng trabaho kaugnay ng COVID-19 o pagbawas sa oras o mga gawain, mga gastos sa pangangalaga ng bata dahil sa pagsara ng mga paaralan, mga gastos sa pangangalaga ng kalusugan dahil sa pagkakasakit sa COVID-19 o pangangalaga ng miyembro ng sambahayan ng tenant na may sakit na COVID-19, o mga resonableng gastos na sanhi ng mga pang-emerhensiyang kautusan ng gubyrno. Isang nakasulat na paunawa ng walang kakayahang pagbayad ng upa o isa o mahigit pang

dahilan na nakasaad sa itaas ay dapat ibigay sa landlord 14 araw bago nakatakdang bayaran ang upa, maliban na lamang sa upa na nakatakdang bayaran sa Abril at sa gayon ang paunawa ay dapat ibigay sa lalong madaling panahon. Wala sa subseksyon na ito ang nagpapahiwatig na ang tenant ay hindi obligadong magbayad ng upa na naaayon sa batas. Ang mga tenant ay bibigyan ng hanggang anim na buwan pagkalipas ng panahon ng lokal na emerhensiya para bayarang muli ang lahat ng mga nakalipas na upa. Maaaring gamitin ng mga tenant ang mga proteksyon na nakasaad sa subseksyon na ito bilang patunay sa pagtatanggol (affirmative defense) sa unlawful detainer action. Pati na rin, para magbigay ng kaluwagan at proteksyon sa mga residente ng Glendale sa panahon ng hindi pangkaraniwang emerhensiya, ang pagtigil ng pagtaas ng upa ay pinagtibay dito, epektibo kaagad, kung saan ang lahat ng renta ng mga residensyal tenant ay mananatiling parehong halaga at hindi tataasan sa petsa ng Resolusyon na ito, at habang nasa panahon ng lokal na emerhensiya.

D. Glendale Public Order No. 2020-04. (Pagsara ng mga Parke at Hiking Trails). Na upang protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng lahat bilang tugon sa paglago ng COVID-19, lahat ng trails ng Lungsod at lahat ng palaruan/korte, parang at kagamitan sa lahat ng mga parke at mga pasilidad ng libangan na pag-aari ng Lungsod ay isasara.

SEKSYON 2. Ang Resolusyon No. 20-29 ng Konseho ng Lungsod ng Glendale na Naguutos ng Public Order Sa Ilalim ng Awtoridad ng Lungsod ng Glendale Tungkol sa COVID-19, na pinagtibay nang Marso 16, 2020 at matatapos sa Marso 31, 2020, ay palalawakin ang kanyang kapangyarihan at epekto hanggang Abil 30, 2020, ay maaaring pahabain pa kung itinuring na kinakailangan by Konseho ng Lungsod o ng Director of Emergency Services.

SEKSYON 3. Anumang paglabag sa Public Orders na nakasaad sa itaas ay maaaring isangguni sa Opisina ng City Attorney sa pag-uusig sa ilalim ng Glendale Municipal Code Chapter 1.20, na nagsasaad ng multa na hindi hihigit sa \$1,000 o pagkabilanggo na hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat opisyal ay gagamit ng kanyang diskresyon sa pagpapatupad ng nasabing order at laging isasaalang-alang ang layunin ng order. Ang mga paglabag ay maaari ding ipatupad ng probisyon ng Glendale Municipal Code Chapter 1.24, na magbibigay, kasama ang iba pang mga mekanismo ng pagpapatupad na nakasaad doon, ng multa na \$400 sa unang sitasyon, \$1,000 sa pangalawang sitasyon, at \$2,000 sa pangatlong sitasyon.

SEKSYON 4. Ang Resolusyon at ang mga katuwang na order ay hindi papalit sa anumang mas mahigpit na limitasyon na inutos ng County of Los Angeles o ng State of California.

SEKSYON 5. Ang order na ito ay maaaring pahabain bago sa Abril 30, 2020.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Glendale ngayong ika-24 na araw ng Marso, 2020.

*Ara J. Najarian*

\_\_\_\_\_  
Mayor

PATUNAY:

*Aram Adjemian*

---

City Clerk

INAPRUBAHAN BILANG FORM:

*Michael J. Garcia*

---

City Attorney

STATE OF CALIFORNIA            )  
COUNTY OF LOS ANGELES       )       SS.  
CITY OF GLENDALE                )

Ako, Ardashes Kassakhian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, dito ay nagpapatunay na ang nauunang Resolusyon No. 20-33 ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa regular na pagpupulong nito na ginanap nang ika-24 na araw ng Marso, 2020, at ito rin ay pinagtibay ng mga sumusunod na boto:

Ayes: Agajanian, Devine, Gharpetian, Quintero, Najarian

Noes:

Absent:

Abstain:

*Aram Adjemian*  
\_\_\_\_\_  
City Clerk